

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTANG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

ANG Bayan

Tomo XXX Bilang 2

Marso-Abril 2000

Editoryal


Wakasan ang rehimeng US-Estrada!

Ikinagagalak ng Partido na tumitindig ang paparaming mga pwersang patriyotiko at progresibo upang labanan at wakasan ang anti-mamamayan, makadayuhan at bulok-sa-kaibuturang gubyernong Estrada.

Ibayong lumalapad at mabilis na lumalaganap sa buong bansa ang nagkakaisang prenteng anti-Estrada. Nasa gulugod nito ang mga militante at rebolusyonaryong manggagawa at magsasaka at kinabibilangan ng mga pulitiko, mga taong-simbahang kawani ng pamahalaan, mga propesyunal at iba pa. Kinatatangian ito ng iba't ibang antas ng pormal at di pormal na pagtutulungan at koordinasyon sa pagitan ng mga pwersang bumubuo nito.

Si Estrada mismo ang nag-uudyok ng malawakang pagkakaisa at paglaban ng mamamayan. Ang sagad-sagarang pagkapapet, pasismo at kabulukan ng rehimeng US-Estrada ay nagdudulot ng walang kaparis na pang-aapi at pag-sasamantala sa mamamayang Pilipino, laluna sa masang anakpawis. Kayat sa nakaraang dalawang taon, mabilis na nahinang ang pagkakaisa ng sambayanan laban kay Estrada. Kaisa nila, matibay na naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan para sa kanilang mga pambansa at demokratikong interes at laban sa lahat ng pagtatangkang yurakan ang mga ito.

Desperadong-desperado ang rehimen na wasakin ang



nagkakaisang prenteng anti-Estrada. Ginagamit nito ang pinakamaitim na mga pamamaraan, kabilang ang anti-komunistang *witch hunting* laban sa mga lehitimong organisasyong masa at pananakot na kakasuhan ng sedisyon ang mga namumuno sa protesta. Gayunpaman, ang mga hakbanging ito'y lalo lamang naglalantad sa kabulukan ng naghaharing rehimen at nag-papahuay ng kalagayan upang ibayong patatagin ang pagkakaisa at itaas ang militansya ng mamamayan na wakasan ang paghahari ni Estrada.

Ang usapin ng mga isasagawang hakbang matapos ibagsak ang gubyernong Estrada at ang mga kaugnay nitong isyu ay maaaring lutasin sa tamang panahon sa pamamagitan ng konsensus ng isang konseho ng pambansang pagkakaisa na bubuuin ng mga kinatawan sa nagkakaisang prenteng anti-Estrada. Kailangang magsikap ang mga militanteng organisasyon ng mga manggagawa at magsasaka, iba pang batayang sektor at mga pwersang patriyotiko at progresibo na magkaroon ng angkop na representasyon sa konsehong ito.

Mahusay kung kaakibat ng pagkakaisang wakasan ang rehimeng Estrada ay magkakaisa rin laban sa mga sagad-sagarang anti-mamamayan at makadayuhang patakaran at hakbanging ipinatupad ni Estrada katulad ng paghadlang sa karagdagang sahod, todo-largang liberalisasyon ng kalakalan, Oplan Makabayan, Visiting Forces Agreement at iba pa. Bubeksan nito ang posibilidad na maisakutuparan ang mga makabuluhang repermang kapakipakinabang sa mamamayan; gayundin, na muling ituloy ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines upang matalakay ang mga usaping nakahanay sa substantibong adyenda nito.

Malinaw sa Partido na ang pagpapabagsak sa

rehimeng US-Estrada ay hindi katumbas ng rebolusyonaryong pagbabago. O sabihin pa, hindi lubusang makakamit ang mga rebolusyonaryong layunin sa simpleng pagpapatalsik kay Estrada. Gayunpaman, nag-bubukas ng mahusay na pag-kakataon ang prosesong ito upang sumulong nang malaki ang rebolusyonaryong kilusan. Kung kayat kinakailangang mahusay na kumilos ang Partido at lahat ng rebolusyonaryong pwersa upang ibayong pagkais hin ang mamamayan at paigtingin ang mga pakikibakang masa para ibagsak ang rehimeng US-Estrada.

Tungkulin ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa na himukin ang pinakamaraming maimpluwensyang personahe at tipo ng organisasyon sa samutsaring lugar at larangan kabilang ang mga paaralan, upisina, komunidad at simbahan na lumahok sa mga pulong, rali at iba't ibang aktibidad na nagpapahayag ng kanilang disgusto sa gubyernong Estrada.

Bagamat hindi kinakailangan ang isang sentralisadong tipo ng organisasyon ng nagkakaisang prenteng anti-Estrada, maaaring magkaisa sa paglulunsad ng mga pangunahing aksyong masa sa mga piling petsa upang tipunin ang lakas ng milyun-milyong mamamayan.

Sa pagsigla ng mga pakikibakang masa, tiyak na magtatangkang umeksena ang mga kontra-rebolusyonaryong grupo upang pahupain ang mga protesta o isabotahe ang pagsulong nito. Kailangang patuloy tayong tumalima sa patakaran ng Partido laban sa anumang anyo ng pakikipkaisa sa mga kontra-rebolusyonaryo. Lalong mahalaga ngayon na ilantad ang kabulukan at mga buktot na gawain ng mga kontra-rebolusyonaryong grupong ito.

Tiwala ang Partido na, kung magtutulungan ang masaklaw na mga pwersa sa nagkakaisang prente, hindi na tatagal nang isa o dalawang taon ang gubyernong Estrada. Sa panahong ito ay lalong lalala ang krisis ng naghaharing sistema. Magiging higit na makapangyarihan ang mga aksyong masa. Tuluy-tuloy na yayanigin ang rehimeng US-Estrada ng sarili nitong mga iskandalo at ng paksyunismo sa burukrasyang sibil at militar. Magdudulot ng higit na mabibigat na bigwas ang paparami at ▶

**MALINAW SA PARTIDO
NA ANG
PAGPAPABAGSAK SA
REHIMENG US-
ESTRADA AY HINDI
KATUMBAS NG
REBOLUSYONARYONG
PAGBABAGO.
GAYUNPAMAN,
NAGBUBUKAS NG
MAHUSAY NA
PAGKAKATAON ANG
PROSESONG ITO
UPANG SUMULONG
NANG MALAKI ANG
REBOLUSYONARYONG
KILUSAN**

NILALAMAN

Editoryal.....	1
Ipagtagumpay ang rebolusyon sa ika-21 siglo....	3
Rebolusyonaryong pagbubuwis.....	4
Mga aksyong pagpaparusa.....	6
Pang-aapi sa manggagawang migrante.....	7
Pagkakaisa ng manggagawang migrante.....	9
Krisis sa pagbabangko.....	10
Ibayong militansa at paglaban.....	12
Rebolusyonaryong pakikibaka sa Negros.....	13
Panalalanta ng pasistang rehimeng.....	15
Balita.....	17

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentario at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan

ANG BAYAN SA INTERNET

Ang pinakabagong isyu ng **AB**, pati na lahat ng isyu mula 1999 ay makukuha sa *internet address*:

<http://angbayan.cjb.net>

Maaaring magpaabot ng mga sulat sa patnugutan ng **AB** sa pamamagitan ng *email address* na:

editors@angbayan.cjb.net


◆ papalaking mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) gayundin ang nagpapatuloy na armadong paglaban ng Moro Islamic Liberation Front. Mabilis na mauubos ang rekursong rehimeng sa pagbuhos nito ng pondo sa todo-largang opensibang militar.

Habang pinalalawak at pinatatataag ang nagkakaisang prenteng anti-Estrada, kinakailangang ipagpatuloy ng mga rebolusyonaryong pwersa ang sariling inisyatiba at pagkilos upang tuluy-tuloy itong makapagpalakas. Kinakailangang pagibayuhin ang lahatang-panig na pagpapalakas upang isulong at lalo pang paigtingin ang rebolusyonaryong pakikibaka.

Lalong dapat samantalahan ng Partido at ng mga rebolusyonaryong pwersa ang krisis ng naghaharing sistema upang ubos-kayang paigtingin ang mga taktikal na opensiba, isulong ang rebolusyong agraryo, palawakin ang rebolusyonaryong baseng masa at palawakin at palakasin ang Partido, BHB at ang Pulang kapangyarihan sa kanayunan.

Kinakailangang magpunyagi sa mga pakikibakang masang anti-imperialista, antipyudal at antipasista upang di mabitawan ang higit na fundamental na mga interes ng mamamayan.

Ang pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan ay nagpapahusay sa pusyon nito sa nagkakaisang prenteng anti-Estrada. Gayundin, mag-aambag ito sa pagpapalakas ng nagkakaisang prente at sa kakayahang nitong pagkaisahan ang mamamayan at tipunin ang milyun-milyong lakas nila upang wakasan ang rehimeng US-Estrada. AB



Ipagtagumpay ang armadong rebolusyon sa ika-21 siglo

– Armando Liwanag

Tiwalá tayong maipagtatagumpay natin ang bagong demokratikong rebolusyon sa maagang bahagi ng kasalukuyang siglo. Ito ang ipinahayag ni Kasamang Armando Liwanag, Tagapangulo ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa kanyang mensahe sa ika-31 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nitong Marso 29.

Ayon kay Kasamang Liwanag, napakapaborable para sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ang lumulubhang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema. Aniya, nasa pusyon ang BHB at iba pang rebolusyonaryong pwersa para samantalahan ang gayong kalagayan bunga ng naipon nitong karanasan at lakas at dahil inihanda sila ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto para sa mas malalaki pang tagumpay sa hinaharap.

Mabilis na lumulubha ang kapitalistang krisis ng sobrang produksyon at ang bagong kaguluhan sa daigdig habang pumapasok tayo sa ika-21 siglo, ayon kay Liwanag. Dahil dito, lalong tumitindi ang pagsasamantala at pang-aapi ng monopolyong burgesya sa mga manggagawa. Ang ibinubunga nitong walang kaparis na pagwasak sa mga produktibong pwersa at pagkitid ng pandaigdigang pamilihan ay magpapaigting sa lahat ng saligang kontradiksyon sa daigdig.

Ani Liwanag, ang pangunahing larangan ng mararahas na mga tunggalian sa pagitan ng rebolusyon at kontra-rebolusyon ay ang malakolonyal at malapyudal na mga bayan sa Asia, Africa at Latin America. Lumalakas ang mga partidong Marxista-Leninista-Maoista na nagbibigay-tanglaw sa landas ng armadong rebolusyon laluna sa South at Southeast Asia.

Ayon pa kay Liwanag, mabilis at lahatang-panig na lumulubha rin ang palagiang krisis ng lokal na naghaharing sistema. Nagdudulot ito ng ibayong pagdurusa sa malawak na masa ng sambayanan at nagbubunsod ng panlipunang diskuntento at armadong rebolusyon. Maihahambing na ito, aniya, sa kalagayan noong bisperas ng deklarasyon ng batas militar sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Ang ekonomya ng Pilipinas ay nakasalig pa rin sa importasyon ng makinarya, panggatong at bahagyang-naprosesong mga sangkap. Ang produksyon ay nakatuon pa rin sa eksport, na ngayon ay lubhang apektado ng pandaigdigang krisis ng sobrang produksyon. Lumolobo taun-taon ang depisito sa kalakalang panlabas. Lumalaki rin ang utang panlabas ng bansa. Pinatitindi ng mga nagsasamantala ang kanilang pagsasamantala sa ▶

Hinggil sa rebolusyonaryong pagbubuwis

Bunga ng papalawak na saklaw ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampolitika at ng wastong paggamit ng karapatang pang-estado, matagumpay na naisasakatuparan ang patakaran ng rebolusyonaryong pagbubuwis sa maraming larangang gerilya sa buong bansa.

Kaya naman nanggagaliti ang reaksyunaryong estado. Sa desperasyong siraang-puri ang Partido at Bagong Hukbong Bayan (BHB), nililibak ni Estrada at ng kanyang



pasistang kampon ang rebolusyonaryong pagbubuwis bilang “ekstorsyon” o “pagpapahirap sa masa”. Nais nilang itangging may umiiral na kapangyarihang pang-estado ▶

◀ uring manggagawa at magsasaka.

Bunga ng lumuluhang sosyo-ekonomikong krisis, kumikitid ang puwang para sa pagbibigayan ng mag-kakalabang pakson sa reaksyunaryong pulitika. Lalong nagiging masidhi at marahas ang kanilang tunggalian habang lalong nagiging garapal ang katiwalian ng pangkating Estrada.

Binanggit ni Liwanag na ang pagkakaluklok ng naghaharing pangkating Estrada ay nagpapakita ng walang-kaparis na pagsahol ng sistemang pang-ekonomyya at pampolitika. Sa napakaikling panahon, aniya, mayroon nang malawakang panawagang patalsikin o sapilitang pagbitiwin si Estrada.

Tumitindi rin ang pandarahas ng rehimeng US-Estrada laban sa mamamayan, ani Liwanag. Bilang sagot dito, masiglang sumulong ang hayag na demokratikong kilusang masa ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan at iba pang sektor ng lipunan. Naglunsad sila ng mga kilos-protesta kaugnay ng mga isyung sosyo-ekonomiko at pampolitika.

Samantala, lumawak at lumakas ang armadong paglaban ng mamamayan. Sa ganitong kalagayan at sa inilalatag na layuning ipagtagumpay ang armadong rebolusyon sa kasalukuyang siglo, inihanay ni Liwanag ang mga sumusunod:

- Dapat patuloy na gampanan ng BHB ang krusyal

na tungkuling ilunsad ang armadong pakikibaka upang gapiin ang armadong pwersa ng kaaway at ibagsak ang naghaharing sistema.

- Dapat magsilbi ang BHB bilang pwersa para sa transpormasyon ng atrasadong mga baryo tungo sa pagiging mga pampolitika, pangmilitar, pang-ekonomyya at pangkulturan balwarte ng rebolusyon.

- Dapat may absolutong pamumuno ang Partido Komunista ng Pilipinas sa BHB upang tiyaking nakapangyayari ang rebolusyonaryong pulitika.

- Dapat lutasin ang problema sa lupa, ang pangnahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon.

Inilinaw ni Liwanag na ang pagpupunyagi sa matagalang digmang bayan ay internasyunalistang tungkulin ng Partido. Aniya, ang ating rebolusyonaryong pakikibaka at mga tagumpay ay siyang ambag natin sa pandaigdigang rebolusyonaryo at sa malawak na anti-imperialistang pakikibaka ng mamamayan ng daigdig.

Ang pinakalayunin ay gapiin ang imperialismo sa pandaigdigang saklaw at abutin ang komunismo para sa kapakinabangan ng sangkatauhan, pagtatapos ng pahayag. ■

Ilalabas bilang espesyal na isyu ng AB ang buong pahayag ni Kasamang Armando Liwanag sa ika-31 aniberasyo ng BHB.

◀ bukod sa reaksyunaryong gubyerno na kinikilala kahit ng mga dayuhang monopolyo-kapitalistang empresa at buong-pusong sinusuportahan ng masang api.

Lehitimong gawain ang rebolusyonaryong pagbubuwis

Isang lehitimong gawain ng demokratikong gubernong bayan ang rebolusyonaryong pagbubuwis. Isinasakatuparan ito saanman umiiral at maaaring pairalin ang Pulang kapangyarihang pampolitika. Ang salapi at rekursong natitipon mula sa gawaing ito ay ipinagnunustos sa administrasyon ng gubyernong bayan at mga proyektong tumutugon sa kagalingan ng mamamayan; at sa kolektibong pangangailangan ng Partido, BHB at mga organisasyong masa.

Ang rebolusyonaryong buwis na ipinapataw sa mga kaaway sa uri ay makatwirang bayad sa pribilehiyo o kunsesyong ibinibigay sa kanilang negosyo o anumang empresa sa loob ng saklaw ng gubyernong bayan. Kaakibat ng pagbabayad ng buwis ang pagsunod sa mga patakaran at batas ng gubyernong bayan na pangunahing nakatuon sa pangangalaga sa kagalingan ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Boluntaryo o obligadong kinikilala ng paparaming mga panginoong maylupa, reaksyunaryong pulitiko at ng mga empresa ng malalaking kumprador ang rebolusyonaryong pagbubuwis. Dahil dito, sa mga nakaraang taon, ang nalilikom na rekuerso sa rebolusyonaryong buwis ang bumubuo ng malaking bahagi ng pondong pangoperasyon ng rebolusyonaryong kilusan.

Mga katangian ng rebolusyonaryong pagbubuwis

Sa mahigpit na patnubay ng Partido, ipinatutupad ng BHB ang patakaran ng rebolusyonaryong pagbubuwis na may sumusunod na katangian alinsunod sa mga kundisyon itinatakda ng kasalukuyang antas ng pakikidigmang gerilya:

Una, may istrukturang makauri at progresibo, ibig sabihin, mas malaki ang buwis ng malalaking mapagsamantalang empresa kaysa sa mas maliliit;

Ikawala, may simple at natatanging sistema, istruktura, batayan at paraan ng koleksyon at may natatangi ring mga hakbangin sa pagpapatupad at paggawad ng parusa sa mga lumalabag;

Ikatlo, pangunahing pinagkukunan ng buwis ang mga

empresang may operasyon sa kanayunan at sa naaabot ng pakikidigmang gerilyang naka-base sa mga lugar na ito;

Ikaapat, desentralizado at pleksible ang pag-asikaso at pagpapatupad ng pagbubuwis at ang pagtatakdahan ng mga tantos nito sa ilalim ng sentralisadong gabay at mga patakaran at ilang antas ng koordinasyon; at

Ikalima, maaaring isakatuparan ang pagbubuwis sa pambansa at inter-rehiyunal na antas bukod sa antas rehiyon at lokal.

Ang rebolusyonaryong buwis ay ipinapataw natin pangunahin sa mga operasyon o empresang pag-aari ng mga dayuhang malaking kapitalista, malalaking burgesyang kumprador, burukratang kapitalista at mga panginoong maylupa. Nasa prayoridad ring singilan ng buwis ang mga partikular na proyekto o operasyon ng reaksyunaryong pamahalaan. Sekundaryong kabilang din sa maaaring patawan ng rebolusyonaryong buwis ang mga operasyon ng panggitnang burgesya at mayayamang magsasaka.

Ginagamit ang makauring pamumwersa laban sa mga operasyon at negosyo ng mga mapagsamantalang uri kung tumanggi ang mga itong tuparin ang kanilang mga obligasyong buwis sa rebolusyonaryong pamahalaan. Subalit sa mga negosyo ng mga panggitnang burges at mayayamang magsasaka, ginagamit natin ang paraang mapanghimok kaysa mapamilit.

Magkaiba bagamat magkaugnay na proseso ang pagsingil ng rebolusyonaryong buwis sa kaaway sa uri at ang paggiit ng mga manggagawa at magsasaka ng kanilang pang-ekonomyang interes sa kapitalista o panginoong maylupa. Sa pagsasakatuparan ng pagbubuwis, sinusuportahan ng Partido o gubyernong bayan ang adyenda ng mga manggagawa at magsasaka; bagamat ang tagumpay sa pagkamit ng kanilang interes ay nakasalalay pangunahin sa kanilang kolektibong pagkilos.

BOLUNTARYO O OBLIGADONG KINIKILALA NG PAPARAMING MGA PANGINOONG MAYLUPA, REAKSYUNARYONG PULITIKO AT NG MGA EMPRESA NG MALALAKING KUMPRADOR ANG REBOLUSYONARYONG PAGBUBUWIS.



Hinggil sa usapin ng mga kontribusyon

Sa kasalukuyang antas ng digmang bayan, ang pondong nakakalap mula sa hanay ng batayang masa ay itinuturing nating kontribusyon at iniiba sa rebolusyonaryong buwis. Kabilang dito ang tulong na boluntaryong ibinibigay ng masa pati na ang makatwirang bahagi ng benepisyong natamo sa rebolusyonaryo o pakikibakang unyon na demokratikong pinagpapasyahan ng organisasyong masa at boluntaryong ibinibigay sa Partido, sa kanilang rebolusyonaryong organisasyon o sa pamahalaang bayan.

Sa pamamagitan ng pagturing sa mga ito bilang kontribusyon sa halip na buwis, natitiyak na ang kalakhan ng pondong panustos sa mas mataas na antas ng gubyernong bayan ay nagmumula sa pagbubuwis sa kaaway sa uri at sa mga may malaking kakayahang tumupad sa obligasyon.

Ang pagbubuwis sa hanay ng masa, kaiba sa kaaway sa uri, ay hindi bayad sa kunsyon o mga pribilehiyo. Sa halip, ito ay bahagi ng sistematikong paglikom ng pondo para sa pagsasakatuparan ng mga tiyak na serbisyon ng panlipunan. Dahil hindi pa ito sistematikong matutugunan, ang pagbubuwis sa masa ay maisasagawa lamang sa mas mataas na antas ng digmang bayan at matapos maitatag ang mga kinakailangang istruktura ng rebolusyonaryong gubyernong bayan.

Ang kinakalap na kontribusyon mula sa masa ay tinitiyak na hindi pabigat o nakasasagasa sa interes nila. Sinisiguro na sa paraan ng pangangalap, mahigpit na isinasaalang-alang ang kakayahang at kamulatan ng batayang masa. Hindi ito kinasasangkutan ng pamumwersa o ng mga hakbanging pandisiplina tulad ng sa sistema ng pagbubuwis.

Ipinatutupad natin ang rebolusyonaryong pagbubuwis bilang bahagi ng mahusay na paggamit ng karapatang pang-estado ng demokratikong gubyernong bayan.

**ISANG LEHITIMONG
GAWAIN NG
DEMOKRATIKONG
GUBYERNONG BAYAN
ANG
REBOLUSYONARYONG
PAGBUBUWIS.
ISINASAKATUPARANITO
SAANMAN UMIRAL AT
MAAARING PAIRALIN
ANG PULANG
KAPANGYARIHANG
PAMPULITIKA.**

Bagamat ang gawaing pagbubuwis ay hindi kasinsaligan ng mga gawaing pagbubuo ng Partido, armadong pakikibaka at nagkakaisang prente, ang pagsasakatuparan nito ay di maiaalis na bahagi ng kabuuang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Ang mahusay na patakaran sa pagbubuwis ay nag-aambag nang malaki sa ibayong pagsulong ng kabuuang rebolusyonaryong pag-sisikap; habang ang pagsulong ng rebolusyon ay nagtataas ng ating kakayahang sa pagsasakatuparan ng rebolusyonaryong pagbubuwis. ▀

Aksyong pagpaparusa sa mga kumpanya at negosyo, inilunsad ng BHB

Pitong kumpanya at negosyo ang pinarusahan ng mga Pulang mandirigma ng BHB dahil sa di pagtalima sa mga patakaran sa pagbubuwis ng demokratikong gubyernong bayan. Ang mga pagpaparusa ay inilunsad sa pamamagitan ng magkakahiwatalay na reyd sa Occidental Mindoro, Nueva Ecija, Nueva Vizcaya, Tarlac, Bohol at Cotabato nitong Marso at Abril.

Cotabato. Sinunog ng BHB ang isang bus ng Yellow Bus Company sa Palian, Tupi, South Cotabato nitong Abril 27 nang madaling-araw bilang parusa sa di pagbayad ng kumpanya ng rebolusyonaryong buwis.

Tarlac. Ginawaran ng parusa ng mga Pulang mandirigma ang Bondoc Poultry Farm na pag-aari ni Cecilio Bondoc sa Barangay Sta. Ines, Sta. Ignacia nitong Abril 10, alas-8 ng gabi. Sinunog ang *poultry farm*, isang *generator*, isang *XTL van*, isang *delivery truck*, at dalawa pang sasakyang naturang kumpanya. Umaabot sa P2.5 milyon ang pinsalang tinamo ng manukan.

Si Bondoc ay napatunayang nagsupulong sa militar hinggil sa kilos ng BHB noong 1997 nang nakatakda siyang kausapin hinggil sa rebolusyonaryong buwis. Paglaon, nagpatayo rin si Bondoc ng detatsment ng 69th IB sa Sta. Ines na hindi kalayuan sa pag-aari niyang *poultry farm*.

Occidental Mindoro. Pinarusahan ng BHB nitong Marso 1 ang Jopel Construction Company sa Sityo Siruban, Barangay Batong Buhay, Sablayan. Bandang alas-8 ng gabi nang sunugin ng mga mandirigma ng Lucio de Guzman Command ang *crane* at mga gulong na pag-aari ng kumpanya at kumpiskahan ang dalawang gamit pangkomunikasyon nito. Isinagawa ang pagpaparusa matapos balewalain ng kumpanya ang mga nauna nang abiso at babala ng BHB kaugnay ng pagsuway nito sa mga patakaran ng rebolusyonaryong kilusan, ▶

◀ kabilang na ang di pagbabayad ng buwis.

Bohol. Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang mga kagamitang pang-quarry, kabilang ang tatlong *backhoe*, dalawang *payloader* at isang *dump truck* ng negosyanteng si Jose Jumamoy Jr. nitong Abril 9 sa Sityo Kauslan, Barangay Kawayan, Inabanga. Tinatayang aabot sa P4.5 milyon ang halaga ng mga kagamitang nabanggit. Pinarusahan si Jumamoy, dating mayor ng Inabanga at asawa ng kasalukuyang mayor na si Josephine Jumamoy, dahil sa di pagbabayad ng rebolusyonaryong buwis, pamiminsala sa kalikasan, pagpapatakbo ng iligal na sugalan at pagbebenta ng iligal na droga at mga baril.

Nueva Vizcaya. Nireyd ng BHB nitong Abril 9 ang *motorpool* ng isang dayuhang kontraktor ng Cacencan Multipurpose Irrigation at proyekto sa kuryente sa bayan ng Alfonso Castañeda. Dinisarmahan ng mga Pulang mandirigma ang mga gwardya ng proyekto. Mariing tinutulan ng mamamayan ang nasabing proyekto dahil sa negatibong epekto nito sa kalikasan at sa kanilang pamumuhay.

Nueva Ecija. Nitong Marso 11, ganap na ika-8 ng gabi, pinarusahan ng BHB ang G and L Associated Brokerage sa Barangay Cambitala, Pantabangan. Sinunog ang isang *10-wheeler* na trak ng kumpanya. Aabot sa P1 milyon ang halaga ng napinsala. Ang G and L Associated Brokerage ay pag-aari ni Gerry Trinidad.

Noon namang Marso 4, sa Sityo Kakapalan, Barangay Salvacion North, Lupao, mabilis na sinalakay ng BHB ang *compound* ng MIESCOR (Meralco Industrial Engineering Services Corp.). Sinunog ang isang *backhoe* na umaabot sa P3 milyon ang halaga. AB

Pang-aapi sa mga migranteng manggagawa



Walang interes ni kakayahang lumikha ng trabaho ang gubyernong Estrada dahil masugid nitong ipinatutupad ang mga patakarang anti-industriyalisasyon alinsunod sa dikta ng imperyalismo at interes ng lokal na naghaharing uri. Kung kayat patuloy pang lumalaki ang napakalaki nang hukbo ng mga walang hanapbuhay.

Gaya ng mga nagdaang rehimeng US-Estrada bilang susi sa paglutas ng suliraning ito ang pag-eksport ng mga manggagawa. Patuloy na ibinubwelo ni Estrada ang paglako sa mga dayuhan ng kontraktwal at napakamurang paggawa ng mga manggagawang Pilipino.

Ang Pilipinas ay isa sa pinakamalalaking taga-eksport ng mga manggagawa sa buong mundo. Mahigit pitong milyon na ang mga migranteng manggagawa; at paparami pang mamamayang itinutulak ng masidhing kahirapan ang handang magpaalipin sa ibang bansa at tiisin ang mga pasakit nito, mabuhay lamang ang kanilang mga pamilya. Matatagpuan sila sa may 180 bansa sa buong mundo.

Mahigit 60% ng lahat ng migranteng manggagawang Pilipino ay kontraktwal lamang kayat karaniwang dumaranas ng lalong aping kalagayan: sahog na pambusabos, kawalang seguridad sa trabaho, pagmaltrato at sagad-sagarang pagkakait ng mga karapatan bilang manggagawa at bilang tao.

Matatagpuan ang karamihan ng mga migranteng manggagawang Pilipino sa Middle East (isang milyon; kalahati'y nasa Saudi Arabia), Japan (250,000) at Hong Kong (180,000). Halos tatlong milyon lamang sa kanila ang dokumentado. Sila'y mga manggagawa sa mga pabrika, konstruksyon, ospital, barko, *oil rig* at iba pa. Marami ang namamasukan bilang mga

katulong at *entertainer* na bulverable sa pang-aabuso. Mayroon ding mga propesyunal.

Noong huling kwarto ng 1999, sumirit sa \$8 bilyon mula \$2 bilyon (1998) ang naipasok na salapi ng mga migranteng manggagawa sa Pilipinas. Sa mga nakaraang taon, ito ang pinakaimportanteng salik na nagpalutang sa naghiihingalang pambansang ekonomya. Hindi ito maitanggi ng upisyal na estadistika ng gubyerno kung kayat pampalubag-loob na tinaguriang “mga bagong bayani” ang mga migranteng manggagawa. Sa kabilanito, ang reaksyunaryong rehimensyo ay numero unong kasabvat ng mga dayuhan sa pagsasamantala sa mga migranteng manggagawang Pilipino.

Mga koleksyon. Bago pa man nakapangingibang-bansa, ang mga migranteng manggagawa ay tinataga na ng gubyerno ng samutsari at kadalasa'y kalokohang bayarin katulad ng “*voluntary membership fee*”, *placement fee*, bayad sa “*passbook*”, *travel tax*, *airport fee* at marami pang iba. Bukod pa ito sa mga hinihiling suhol mula sa kanila.

Dahil dito, umaabot sa P76,000 ang koleksyon ng gubyerno mula sa bawat migranteng manggagawang papunta sa Taiwan. Kayat madalas silang nalulubog sa utang laluna ang mga manggagawang napipilitang umuwi kahit wala pang sapat na naiipon.

Sa Hong Kong, mahigit P14,000 kada buwan ang kinakaltas sa sahod ng mga migranteng manggagawang Pilipino kapwa ng gubyernong Pilipinas at Hong Kong.

Limpak-limpak na salapi ang nakakamal ng tusong gubyerno subalit hindi ito kailanman pinaki-kinabangan ng mga migrante ni ng kanilang mga pamilya.

Mababang sahod na, binabawasan pa. Kilala ang Pilipinas bilang isa sa mga balon ng pinakamurang lakas-paggawa sa buong mundo. Bukod sa relatibong napakababang sahod, may samutsari pang paraan ang mga dayuhang amo at gubyerno upang ibayong huthutan ng salapi ang mga manggagawang Pilipino.

Kabilang ang mga manggagawa na namamasukang katulong sa Hong Kong sa mga Pilipinong migranteng tumatanggap ng pinakamababang buwanang sahod (HK\$3,670 o P18,000). Masahol pa, dahil sa mga koleksyon, ang napakaliit na halagang natitira upang iuwi

nila sa Pilipinas ay kulang na kulang pang panustos sa buwanang batayang pangangailangan ng isang karaniwang-laking pamilya.

Sa Asia, laganap ang pagkolekta ng *forced savings* na paniyak umano ng mga dayuhang amo na hindi tatakas ang empleyado. Umaabot ito sa sangkatlo ng buwanang sahod at ibibigay umano sa migrante sa katapusang kontrata. Depende na sa kapritso ng amo kung makukuha pa ito o hindi ng migrante. Halimbawa, sa Ching Yang Tech Co. sa Taiwan, NT\$6.8 milyon (P95.2 milyon) nang *forced savings* ang naipon ng kumpanya mula sa 94 migranteng Pilipino.

Kawalang-seuridad sa trabaho.

Habang lumalala ang suliranin ng disempleado sa mga bansang kapitalista, tuluy-tuloy ang pagdami ng mga migranteng manggagawa na basta na lamang tinatanggal sa mga naluluging dayuhang negosyo. Katunayan, ang mga migranteng manggagawa ang unang-unang pinatatalisik. Ngayong taon, may 40,000 migranteng Pilipino sa Japan at 7,000 pa sa South Korea ang pinauuwi sa ngalan ng pagtugis sa mga di dokumentadong migranteng manggagawa.



Pagsikil sa mga karapatang manggagawa. Tahasang ipinagbabawal sa mga migranteng manggagawa ang pagtatayo ng unyon saan mang dako ng daigdig. Dahil mga kontraktwal na manggagawa lamang, wala silang karapatang makipagnegosasyon para sa dagdag na sahod, seguridad sa trabaho at mga benepisyos. Napipilitan silang tanggapin ang mga kundisyon sa trabaho na isinasaad sa mga mapang-aliping kontratang inaareglo ng mga *placement agency* dito sa Pilipinas.

Sa Saudi Arabia, ikinukulong kundiman binibitay ang sinumang nagtatangkang magbuo ng anumang grupong naglalayong isulong ang mga karapatan ng mga migranteng manggagawa.

Ang mga nangangahas na tumindig at magreklamo sa kanilang mga aping kundisyon ay ibinibilang sa *blacklist*. Sinumang ilista rito ay hindi na kailanman mabibigyang-pagkataong makapaghanapbuhay sa ibang bansa.

Pagpapabaya ng reaksyunaryong estado. Umabot na sa 3,007 (1999) ang bilang ng mga kaso ng mga migranteng manggagawa na pinabayaan ng reaksyunaryong gubyerno, patunay na wala itong pakialam kahit na lalong lumalala ang pang-aapi sa mga migranteng manggagawa at nilalabag na ang maraming pandaigdigang ►

kumbensyon sa paggawa na pinirmahan nito. Maraming migranteng manggagawa ang nagtatangkang tumakas sa amo dahil sa pagmamaltrato, pisikal at sekswal na pang-aabuso, paglabag sa kontrata, makahayop na kundisyon sa paggawa, mahahabang oras sa paggawa, walang bayad sa obertaym at matinding diskriminasyon.

Nagdudumilat ang katotohanang naghuhugas-kamay ang reaksyunaryong gubyerno sa responsibilidad nitong proteksyunan ang mga migranteng manggagawa. Noong katapusan ng 1998, may 2,000 migranteng manggagawang nakapiit sa Malaysia, Saudi Arabia at Japan ang pinabayaan ng gubyerno. Sa katapusan ng 1999, may 200 dating migranteng manggagawa ang ginagamot sa National Center for Mental Health dahil sa iba't ibang sikolohikal na sakit na ibinunga ng grabeng pahirap sa kanila. May 700 migranteng manggagawang Pilipino ang namamatay taun-taon, 25% sa kahinalang mga sirkunstansya. Sampung bangkay ng mga migranteng manggagawang Pilipino ang iniuwi sa Pilipinas bawat buwan.

Ang pambubusabos sa mga migranteng manggagawang Pilipino ay tiyak na magpapatuloy sa implementasyon ngayong taon ng todong deregulasyon ng pandarayuhan ng paggawa alinsunod sa Migrant Act of 1995. Dito, tahasan nang binibitawan ng gubyerno ang anumang responsibilidad kaugnay ng sahog ng mga migranteng manggagawa, termino ng kontrata at mga kundisyon sa paggawa; at isinasaad na ang mga ito ay usaping "eksklusibo sa pagitan ng amo at employado."

Mismong ang kanilang karanasan ang nagtuturo sa mga migranteng Pilipino na wala silang maaasahang maaliwalas na bukas para sa kanilang mga pamilya sa kasalukuyang reaksyunaryong sistema. Hindi kataktakang patuloy na dumarami ang mga migranteng manggagawang umaanib sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Marapat at kinakailangang tuluy-tuloy na pukawin, organisahin at pakilusin ng Partido ang mga migranteng manggagawa sa rebolusyonaryong landas. Gayundin, dapat puspusang imulat ang kanilang mga pamilya hinggil sa kainutilan ng naghaharing sistema na tugunan ang interes ng mamaayan at ipakitang tanging ang rebolusyon ang makapaglalatag ng pundasyon para sa matatag na kabuhayan. AB

Pagkakaisa at pakikibaka ng mga migranteng manggagawa

Nagkumahog ang rehimeng Ramos na isabatas ang Migrant Act of 1995 o RA 8042 bilang reaksyon sa malawakang protesta laban sa tahasang pagpapabaya ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas sa pagbitay kay Flor Contemplacion noong 1995.

Subalit lalo lamang ginatungan ng hungkag na RA 8042 ang galit ng mamamayan, partikular ng mga migranteng Pilipino, dahil pinalakas lamang ng batas na ito ang pagkalakal sa mga manggagawang migrante. Lalo lamang nitong itinulak ang mga migranteng Pilipino na paigpitin ang pagkakapit-bisig at umanib sa pakikibaka ng malawak na masa ng sambayanan laban sa sistemang umaalipusta sa kanila.


Dahil sa kanilang karanasan, patuloy na namumulat ang mga migrante na hindi nila kakampi ang reaksyunaryong gubyerno sa pagsusulong ng kanilang kapakanan at paggigiit ng kanilang mga karapatan.

Noong magtatapos ang 1998, iginiit ng mga organisadong migranteng Pilipino sa Hong Kong ang pagpapababa ng sinisingil na *authentication fee* sa kanila ng gubyerno ng Pilipinas. Dahil sa kawalang-akyon ng rehimeng Estrada sa matagal na nilang petisyon, bumaling sa sariling lakas ang libu-libong migranteng manggagawang Pilipino. Sa pamamagitan ng pinagsanib na mga hakbang ng isang alyansang binubuo ng mahigit 80 organisasyon, naigiit ng mga migrante sa Philippine Consulate sa Hong Kong ang pagpapababa ng naturang bayarin mula HK\$425 (P2,125) tungong HK\$200 (P1,000).

Ang munting tagumpay na ito ay natamo ng mga manggagawang migrante kasabay ng paglaban sa pagkaltas sa kanilang sahog. Dalawampung porsyento (20%) ang oriinal na halagang kakaltasin ng gubyerno ng Hong Kong mula sa sahog ng mga migrante.

Ngunit dahil pa rin sa sama-sama nilang pagpepetisyon, napaba-wasan nila nang 75% ang kaltas.

Sa kasalukuyan din, puspusang nilalabanan ng mga migranteng manggagawa ang Memorandum of Instruction No. 8 ni Estrada. Nagpapataw ito ng ▶




Krisis sa sistema ng pagbabangko

Tanda ng malalang krisis sa pagbabangko ang sunud-sunod na pagsasanib ng mga bangko sa Pilipinas. Noong nakaraang taon ay nagsanib ang pinakamalalaking bangko sa bansa. Ang pagsasanib ng Philippine Commercial International Bank (PCIB) at ng Equitable Bank ang una sa pinakamalalaki. Sinundan ito ng pagbili ng Metropolitan Bank and Trust Co. (Metrobank) sa Philippine Banking Corporation (Philbank) noong Agosto. Noong Nobyembre, nakuha ng pinagsanib na Bank of the Philippine Islands (BPI)-Far East Bank and Trust Co. (FEBTC) mula sa Metrobank ang pweseta bilang pinakamalalaking bangko. Muli itong inungusan ng Metrobank nang magkasunod nitong binili ang Asian Banking Corp. at ang Solidbank.

Tumabo ng limpak-limpak na tubo ang mga bangko sa bula ng “paglago” ng ekonomya noong 1994-96 na kinatampukan ng pagbebenta sa pamilihan ng kanilang mga sapin pinalabis ang halaga (*overvalued stocks*), kalakalan sa *stocks* at ispekulasyon sa pananalapi sa *stock market*, pagpapautang sa ispekulatibong pagnenegosyo sa *real estate* at pagpopondo sa ambisyonong ekspansyon ng mga korporasyon. Lalong lumaki ang tubo ng mga bangko nang dumagsa ang, at suhayan ng, dayuhang kapital noong 1995 ang papalaking bula sa *stock market* na siyang panandalian at artipisyal na nagpalobo sa sistema ng pinansya sa bansa.

Kaalinsabay at bago pa man nito, nakinabang nang husto ang mga bangko sa bwelo ng lokal na pangungutang ng sunud-sunod na reaksyunaryong rehimeng mula kay Aquino upang punan ang depisito sa pambansang badyet, isalba ang mga naluluging pampublikong korporasyon at bayaran ang mga utang panlabas. Sa huling dalawang taon ng gubyernong Ramos, ang mga bangko ang



pangunahing nagpondo sa programang pribatisasyon ng mga korporasyong pag-aari ng estado at sa iskemang *build-operate-transfer* ng mga pribadong korporasyong kasosyo ng gubyerno.

Nang pumutok ang bula ng ekonomyang likha ng ispekulatibong dayuhang kapital noong kalagitnaan ng 1997, agad na nalantad ang fundamental na kahinaan ng sistema ng pagbabangko sa Pilipinas at ang papel nito bilang baseng pampinansya ng burgesyang kumprador sa bansa.

Dumausdos ang halaga ng mga sapi at ari-arian ng mga bangko sa *stock market*. Nalantad ang sobrasobrang pagpapautang ng kapital sa mga ispekulatibong negosyo at mga kumpanya, laluna sa *real estate*. Sumingaw ang mga anomalya kaugnay ng paglustay sa mga nangaluging negosyo ng perang impok ng mga depositor.

Napilitang magsara ang maraming bangko, laluna ang mas maliliit na bangko, nang sabay-sabay na nag-

► US\$25 na bayarin para sa umano'y pagpoproseso ng mga kontrata. Matagumpay na nahahadlangan ng mga migrante sa Hong Kong ang kautusang ito.

Pagtagumpayan man muli ng mga migrante ang mga laban sa panggagantso ng gubyerno dito at sa ibayong dagat, tiyak namang muli't muli silang lolokohin at kikikilan ng reaksyunaryong rehimeng at ng mga kasabwat nitong mga dayuhang ganid.

Subalit may hangganang ang kanilang pagsasamantala. Ito'y dahil sa nagpapatuloy at ibayong sumisigla ang paglaban ng mga manggagawang migrante di lamang sa iba pang mga anti-migranteng patakaran at kalakaran, kundi sa naghaharing sistemang walang-tigil sa paglapastangan sa kanila, sa kanilang mga pamilya at sa buong sambayanang Pilipino. AB

withdraw ang mga depositor (*bankrun*). Nasaid ang kapital, lalupa't 20% lamang ng pangkabuuang rekurso ng mga bangko ang nakalaan sa arawang transaksyon ng mga indibidwal. Gayundin, nahirapang ibalik sa anyong salapi (*liquidate*) ang mga ari-arian ng mga lumubog na negosyong inilit ng mga bangko. Kumaripas palabas ng bansa ang mga mamumuhunan at naghigpit ang mas malalaking bangko at kumpanyang maaari sanang magsalba sa mas maliliit. Napilitan ang Bangko Sentral na isalba ang natitirang kapital ng maliliit na bangko at isara ang ilan sa mga ito.

Ilang ulit na lumaki ang *bad loans* (pautang na di mabayaran) ng mga bangko na naglagak ng bilyun-bilyon sa mga kumpanya at negosyong nalugi at/o nagsara. Hanggang sa huling kwarto ng 1999, 14.61% (o P217.6 bilyon) ng pangkabuuang pautang ng mga bangko ang di mabayaran; samantala, noong Agosto 1999, 34.95% ang *bad loans* ng maliliit na *thrift bank*.

Lalo lamang tumaas ang tantos ng mga pautang na di mabayaran nang tumangi ang mga bangko na dagdagan ang pangkabuuang kapital na ipinapautang (*total loan portfolio*) bilang reaksyon sa patuloy na pagkitid ng kanilang kapital, paghina ng kakayahang magbayad ng mga kumpanya at ng gubyerno at pagbulusok ng ekonomya. Papaliit ang bagong mga pautang ng mga bangko noong 1998-99 mula sa rurok na 41% paglaki noong 1996. Patuloy itong lumiliit sa unang mga buwan ng taong 2000, taliwas sa iginigiit ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) at gubyernong Estrada.

Bilang pagharap sa krisis sa pagbabangko, dinidireksyunan at kinukumpasan ng International Monetary Fund (IMF) sa pamamagitan ng BSP ang pagsasanib ng mga bangko. Tinatayang aabot na lamang sa apat, mula 10-15, ang bubuo ng pinakamalalaking

bangko sa bansa. Iginigiit ito ng IMF alinsunod sa bangkaroteng paniniwala na ang pagkokonsentra ng sistema ng pagbabangko sa kamay ng ilan ay magpapatatag sa sistemang pampinansya sa Pilipinas.



Ang katotohanan'y nagmumula ang pagging mabuway ng sistemang pampinansya sa batayang usapin ng kawalan ng mga saligang industriya sa depormadong ekonomya ng Pilipinas. Industriya lamang ang makalilikha ng bagong mga halaga o yaman na natatransforma sa anyo ng salapi at inoorganisa ng sistemang pampinansya.

Nasa palagiang krisis ang ekonomya ng Pilipinas. Kahit sa kasagsagan ng bulang likha ng ispekulatibong kapital noong 1994-96, na siyang sanhi ng artipisyal na paglobo sa sektor ng pagbabangko at serbisyo, patuloy ang pagdausdos ng sektor ng manupaktura at agrikultura.

Sa sistemang malakolonyal at malapyudal, nakalutang ang sektor pampinansya at nagsisilbi lamang itong larangan para sa pagsusugal ng dayuhang malalaking ispekulador at malalaking burgesyang kumprador na kumakamal ng milyun-milyong dolyar sa mga transaksyon sa *stock market* at pagbili at pagbenta ng dayuhang salapi (*currency speculation*). Ang pagkaripas noong 1997 ng ispekulatibong kapital na ipinasok noong panahong 1994-96 ay nagbunga ng biglang pagbagsak ng sektor pampinansya na mula noon ay hindi na nakabangon.

Ang instabilitad sa sistemang pampinansya ay idinudulot din ng todo-todong pangungutang ng gubyerno upang pasikarin (*pump-prime*) ang dumadausdos na ekonomya. Noong 1999, halimbawa, umabot sa P111 bilyon ang kabuuang depisito na tinustusan sa pamamagitan ng pangungutang sa mga lokal at dayuhang bangko.

Sa pangunahan, ang lokal na malalaking bangko ay negosyo ng malalaking burgesyang kumprador at nagsisilbi sa interes ng dayuhang malalaking kapitalista. Ang pagsasanib ng mga ito ay mangangahulugan lamang ng ibayong paghigpit ng dayuhang kontrol sa sistema ng pagbabangko sa Pilipinas at kung gayon, ng paglakas sa kakayahang nitong direksyunan ang padron ng pamumuhunan at gastusin ng bansa. AB

Pinakamalalaking bangko sa Pilipinas:

Bangko	May-ari	Pag-aari
Metrobank	George Ty, may-ari ng Toyota Phils.	P285.6 B
Bank of the Philippine Islands	mga Ayala, kasosyo ng Mitsubishi	P218.85B
Philippine National Bank	Lucio Tan	P208.67B
PCI	pamilyang Go	P150.38B
Far East Bank	mga Ayala, Sakura Bank of Japan, Philam Life Group, Phinma, SSS	P135.22B
United Coconut Planters Bank	GRP	P110.35B
Equitable Bank	pamilyang Go	P108.21B

Ibayong militansya at paglaban ng uring manggagawa

Ang unang Mayo Uno ng bagong milenyo ay isang magandang pagkakataon upang ipagdiwang ang mga tagumpay na patuloy na inaani ng uring manggagawang Pilipino at ibayong palakasin ang hanay ng mga anakpawis para sa lalong malalaking paglaban.

Pagbaka sa mga patakaran ng rehimeng US-Estrada. Ang militanteng hanay ng mga manggagawa ay nasa unahan ng mga paglaban sa mga patakaran nagpapahirap at umaapi sa sambayanang Pilipino. Noong 1999, pinanganahan ng mga manggagawa ang mga pagkilos laban sa pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, sa tangkang pagbabago sa konstitusyon, sa ratifikasyon ng Visiting Forces Agreement at para sa P125 dagdag sa arawang sahod.

Nitong Marso 30, sa kabilang tangka ng reaksyunaryong rehimeng biguin ito, ang mata-gumpay na koordinadong welgang transportasyon ay pumaralisa sa mga mayor na ruta ng dyip sa buong kapuluan (*tingnan ang kaugnay na balita sa p.17*). Dumagundong ang pagtutol ng mamamayan sa tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng produktong petrolyo at sa ipinapanukalang pabigat na *road user's tax*; gayundin ang panawagan para patalsikin ang gubyernong Estrada.

Dumaraming mga welga. Ibinubunsod ng papatininding paghamak ng reaksyunaryong rehimeng sa mga manggagawa ang patuloy na pagdami ng mga welga.

Sa unang tatlong buwan lamang ng taong ito, pumutok na ang 16 na welgang kinasangkutan ng may 6,000 manggagawa. Ito ay 37% na ng kabuuang bilang ng nagwelgang manggagawa (15,517) sa buong 1999. Kasabay nito, mahigit 140 pang *notice of strike* ng may 40,000 manggagawa ang itinala sa Department

of Labor and Employment (DOLE).

Noong 1999, natuloy ang 58 welga mula sa kabuuang 849 *notice of strike* (na kinasangkutan ng 162,000 manggagawa) na isinampa sa DOLE.


Nitong Abril, nagwelga rin ang mga manggagawa ng Solidbank, PT&T at Duty Free Philippines, Inc. Ito ay dahil sa nakaambang malawakang tanggalan bunsod ng pagsasanib ng mga kumpanya, at sa pagtanggi ng kani-kanilang maneydsment na ibigay ang makatarungang iginihiit ng mga manggagawa.

Ang mga ito ay tanda ng lumalawak na pagtutol ng mga manggagawa sa patuloy na pagdausdos ng sahod, malawakang kontraktwalisasyon at tanggalan, masasahol na kundisyon sa paggawa at pagsupil sa mga karapatang mag-unyon, magwelga at makipagtawaran.

Ibayong militansya laban sa pasismo. Sa halip na masawata ng pasismo ang galit ng mga manggagawa, lalo lamang nitong pinag-aalab ang ▶

BILANG NG MGA MANGGAGAWANG NAGWELGA
(Enero – Pebrero 2000):

Kumpanya	Bilang
Gelmart Industries Phils., Inc.	1,900
Pepsi Cola Products Phils., Inc.	650
Philippine Appliance Corp.	609
Skylark Plastic Industries	350
Mustad Terminal Tackle Phils.	300
VP Liner Inc.	300
Grand Boulevard Hotel	270
Associated Wire Corp.	200
Philippine Development Industrial Corp.	157
Mabuhay Vinyl Corp.	145
Monterey Foods Corp.	126
Fuji Reynolds Corp.	103
Kalayaan Arts & Crafts Inc.	100
Medicard Phils., Inc.	90



Rebolusyonaryong pakikibaka sa Negros, patuloy na sumusulong

P atuloy ang pagsulong ng armadong pakikibaka at buong rebolusyonaryong kilusan sa Negros.

Patuloy na lumalawak ang mga larangang gerilya sa isla. Umaabot na sa libu-libo ang organisado at impluwensyado mula sa ilandaan noong 1992. Dahil masinop sa gawaing masa at pagsasapraktika ng linyang masa, napakikilos ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang masa sa pagtatayo at pagpapatibay ng kapanyharian pangpolitika ng mamamayan sa kanayunan.

Sa pamamagitan ng antipyudal na kampanyang masa, nakapagkamit ang masa ng kongkreto ng mga benepisyo mula sa paglaban sa pangangamkam ng lupa; at para pababain ang upa sa lupa, pataasin ang sahod, pababain ang usura at paunlarin ang produksyon. Kaugnay nito, lumalaganap ang pagsulong ng mga kampanya sa edukasyon, organisasyon, kalusugan, depensa, kultura, arbitrasyon ng mga kaso, anti-krimen at iba pa.

Pinapanday ng armadong rebolusyonaryong kilusan ang pagkakaisa at lakas ng mamamayan at binibigyang-inspirasyon ang ligal na pakikibakang masa sa mga sentrong lunsod at kabayanan ng isla laban sa rehimeng US-Estrada.

Mula pa noong huling kwarto ng 1993, namantine

ang tuluy-tuloy na pagsulong ng mga sektoral at multisektoral na mga pakikibaka ng mamamayan para ipagtanggol at ipaglaban ang kanilang pambansa at demokratikong interes laban kapwa sa rehimeng Ramos at Estrada na parehong pangunahing kinatawan ng imperyalismong US, malalaking kumprador at panginoong maylupa. Sa taong ito, napataas ang militansya at sigla ng mga pakikibaka ng mamamayan para patalsikin ang rehimeng Estrada.

Ipinamalas ng mga manggagawa kasama ang mga magsasaka, kabataang estudyante, kababaihan at iba pang positibong pwersa ang kanilang lakas sa pagsusulong ng kanilang mga pang-ekonomya at pampolitikang pakikibaka.

Nakamit ng rebolusyonaryong kilusan sa Negros ang gayong mga tagumpay sa gitna ng ibayong pahirap sa ▶

► kanilang diwang mapanlaban. Matitingkad na halimbawa nito ang welgang inilunsad ng mga manggagawa ng Shoemart (SM) noong huling kwarto ng 1999 at ang nagpapatuloy pang welga sa Manila Hotel na nagsimula noong Pebrero ng taong ito.

Noong Nobyembre 1999, paulit-ulit na marahas na sinalakay ng pulis at mga bayarang maton ang mapayapang piket sa harap ng mga sangay ng SM. Maraming manggagawa at mga tagasuporta ang nasaktan at nasugatan. Subalit hindi nito nasuheto ang pakikipaglaban ng mga manggagawa para sa karampatang sahod at seguridad sa trabaho. Sa pagpupunyagi, naipagttagumpay ng mga manggagawa ng SM ang P65 dagdag sa arawang sahod nila.

Ilang ulit ding binuwag ng mga pulis ng Western Police District (WPD) ang piketlayn ng mga manggagawa ng Manila Hotel. Subalit ilang ulit din itong muling itinayo ng militanteng mga manggagawa. Noong Pebrero 14, habang nagpoprograma ay marahas na binuwag ng WPD ang pagtitipon at inaresto ang tatlong welgista kabilang ang lider ng Manila Hotel Employees Association. Noong Marso 11, dinakip ang 10 welgista habang may misa sa piketlayn. Marami pang ibang welgista at kadamay ang nasaktan at nasugatan. Naulit pa ang pandarahas ng mga tropa sa piketlayn noong Marso 14. Sa kabilang lahat ng ito, patuloy ang mga manggagawa sa paglaban upang igiit ang kanilang mga karapatan. AB



mamamayan ng isla ng mga pakana ni Eduardo ‘Danding’ Cojuangco Jr. at ng kanyang mga kasapakat. Ginagamit nila ang lokal na burukrasya upang ibayong makopo ang iba’t ibang negosyo at kontrata at upang patindihin ang malawakang pangangamkam ng lupa.

Libu-libong pamilya ng mga magsasaka ang dumaranas ng kagutuman. Madalas ay nagtitiyaga na lamang ang masa sa pagkain ng mga halamang-ugat upang may ipantawid-gutom. Wala nang lupa ang mga magsasaka dahil sa malawakang pangangamkam ng lupa na tulung-tulong na isinasagawa ng malalaking panginoong maylupa, kumpanya ng pagmimina at malalaking burukratang kapitalista.

Mahigit 30,000 manggagawang bukid ang napiptong mawalan ng hanapbhay sa mga lunsod ng Bago at Bacolod, maging sa mga bayan ng Valladolid at San Enrique dahil sa pakanang proyektong irigasyong magsisilbi sa korporasyong agribisines nina Cojuangco at Rafael Coscolluela, gubernador ng Negros Occidental.

Samantala, libu-libo ring manggagawa ang naging biktima ng pagsisante, kakulangan ng empleyo at pagbuwag ng unyon, mababang pasahod at iba’t ibang atake sa paggawa.

Ang industriya ng asukal na pangunahing sandigan ng buong ekonomya ng Negros ay patuloy na bumabagsak. Marami-rami na ang bilang ng empresang industriyal at komersyal na nagsara at marami-rami na ang empresang pang-agribisnes ang tumigil.

Ang pondo ng lokal na pamahalaan na dapat ilaan sa mga batayang serbisyo para sa mamamayan ay ibinubuhos sa pag-engganyo ng kapital sa pamamagitan ng mga komersyalisadong pistang relihiyoso-pangkultura at mga negosyong panturismo.

Ang mga ito ay epekto ng paghigpit ng kontrol ng pangkating Cojuangco na kinabibilangan ng mga pamilyang Montilla, Alvares, Marañon, Palanca, Garcia, Paras at Cardenas.

Dahil sa pagbagsak ng lokal na ekonomya, lumiliit din ang lokal na pondong pinaghahati-hatian ng barkadahang Cojuangco-Coscolluela. Kaugnay nito, pinalalakas ng pangkatin ang operasyon nito sa ilugal na

**SA
REBOLUSYONARYONG
KILUSAN HUMIHINGI NG
KATARUNGAN ANG
MAMAMAYAN SA
PAGSASAMANTALA AT
PANG-AAPI NI
COJUANGCO AT NG
KANYANG MGA
KASAPAKAT.**

droga kaalinsabay ng muling pagpapalakas sa kapanayarian ng mga *warlord*.

Sa Lunsod ng Bacolod, nagtutulak ito ng ibayong bangayan ng mga lokal na upisyal mula sa mga pamilyang Cojuangco, Montelibano at Guanzon. Gayunpaman, sa kabilang kanilang pag-aawayan, buong pagkakaisa nilang itinataguyod ang programa ng kontra-rebolusyon sa ilalim ng Oplan Makabayan ng rehimeng US-Estrada. Nagkakaisa ang malalaking kumprador-panginoong maylupa sa mahigpit na pagtutulungan ng militar at burukrasyang sibil upang pigilan at wasakin ang rebolusyonaryo at progresibong kilusan ng mamamayan.

Nang ibalik sa Philippine Army sa pamamagitan ng 303rd Brigade ang kontra-rebolusyonaryong kampanya sa Negros, lumubha ang militarisasyon at pasismo sa kanayunan at kalunsuran. Lumala rin ang mga pasistang krimen ng pagyurak sa mga karapatang-tao ng mamamayan. Hindi pa kuntento ang mga reaksyunaryo sa tatlong batalyon ng Philippine Army, dalawang kumpanya ng Scout Rangers, isang Special Forces Company, dalawang batalyon ng Regional Mobile Group at pitong kumpanya ng Provincial Mobile Group ng PNP, mahigit na 2,000 CAFGU, isang Engineering Battalion ng Philippine Army, istasyon ng PNP at pribadong hukbo/*goons* ng mga *warlord*. Sa pamamagitan ng mga *warlord* tulad nina Mike Suarez at Rolando Ponsica, itinulak nilang dagdagan pa ang kanilang pribadong hukbo-CAFGU.

Wala ring humpay ang mga operasyong pangkombat at paniktik at mga *civilian-military operation* sa kanayunan. Ang mga lokal na reaksyunaryong upisyal ay kasama sa paglulunsad ng mga operasyong anti-mamamayan at kontra-rebolusyon sa kanayunan at kalunsuran. Ang mga pulong ng Peace and Order Council na pinamumunuan ni Gobernador Coscolluela ay mahigpit na tumututok sa pagpapaunlad ng koordinasyon ng militar, lokal na gubyerno at mga reaksyunarong indibidwal at NGO upang kamtin ang target na wasakin

diumano ang rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan sa Negros sa taong 2001.

Samantala, Arturo Tabara, Warren Calizo at Luisito dela Cruz, mga lider ng RPM-RPA-ABB ay patuloy na kinakasangkapan bilang mga *psywar agent* upang isabotahe ang lumalakas na ligal na kilusan ▶





Pananalanta ng pasistang estado


Sa Cordillera. Dinukot ng 10 armadong kalalakihang nagpaki-lalang mga ahente ng Criminal Investigation Service si Lorna Rivera Baba noong Marso 17 sa tapat ng Philippine Independent Church (PIC o Simbahang Aglipay) sa Pidigan, Abra. Si Baba, isang *lay worker*, ay tinutukan ng baril at dinukot habang papasakay sa kotse. Tinutukan din ang mga kasamahan niyang sina Fr. Noel Da-cuyucuy at Padi Emelyn Gasco, mga kura paroko ng PIC, at ang drayber at kapatid ni Gasco na si Julius Cesar Gasco na sinipa pa sa ulo. Walang mandamyento de arresto ang mga dumakip at sinabi lamang na si Baba ay sangkot sa kasong karnaping.

Hinalughog naman ng hindi pa nakikilalang kalaikan noong Pebrero 7 ang upisina ng Dinteg (Cordillera Indigenous Peoples Law Center). Ang Dinteg ay may mga hinahawakang kaso ng

mga pambansang minoryang lumalaban sa pagmimina sa kanilang lugar. Kinuha sa upisinang ito ang mga dokumento at papeles, mga disket ng kompyuter at *cassette tapes* at iba pang mahahalagang kagamitan. Sa araw ding iyon, pinasok ng mga pinaghihinalaang militar ang bahay ni Bishop Juan Marigza, isang tagapagtugoyod ng karapatang-tao.

Kaugnay nito, kinundena ng Promotion of Church and People's Response (PCPR) ang pa-paigting na pagtugis ng rehimeng mga taong simbahan. Mariin ding tinutulan ng PCPR ang militarisasyon sa Cordillera at ang pagtatayo ng San Roque Dam na nagbunga na ng dislokasyon sa 60,000 minor yang Ibaloi.

Samantala, inilantad ng organisasyong Innabuyog Metro Baguio ang mga kaso ng harassment at abuso ng sekwal ng mga tropa ng Philippine Army sa kababaihan sa Kalinga. Sangkot dito ang mga sundalo ng 21st at 48th Infantry Bat-



talion sa mga bayan ng Balbalan, Lubuagan, Pasil at Pinukpuk at ng 501st Brigade sa Barangay Calanan, Tabuk.

Sa Bulacan. Dinakip noong Pebrero 16 sa San Jose del Monte, Bulacan sina Melencio Cañete, 80, lider ng Sandigang Samahan ng mga

Magsasaka sa Tungkong Mangga at si Wilfredo Inocillas sa paratang na sangkot sila sa pagpatay sa isang gwardya ni Gregorio 'Greggy' Araneta, mananggang ng dating diktador na si Marcos. Plano ni Araneta na makisosyo sa mga dayuhan at itransforma bilang mga *commercial complex* ang lupang binubungkal ng mga magsasaka. Dahil sa planong ito, pinagsisira ng mga gwardya ni Araneta ang mga pananim ng mga magsasaka at pinagsusunog pa ang kanilang mga tahanan, bagay na kinundena ng organisasyon nina Cañete.

Sa Batangas. Noong Marso 6, binaril hanggang sa mamatay sina Terry Sevilla at Roger Allah, mga magsasaka sa Hacienda Looc sa Nasugbu. Kabilang sila sa mga ►

↳ sa kalunsuran at armadong pakikibaka sa kanayunan. Naglunsad ng mga militaristang probokasyon ang kanilang mga armadong grupo upang bigyang-matwid ang militarisasyon at panunupil sa mamamayan.

Subalit sa halip na maging kimi sa lantarang pagsasamantala ng mga Cojuangco at sa terorismong hatid ng Oplan Makabayan, pinalalakas ng rebolusyonaryong mamamayan ang kanilang hanay. Ang Partido at ang BHB sa Negros ay matatag na humahanay sa masa sa pamamagitan ng masikhay na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanila.

Sa rebolusyonaryong kilusan humihingi ng katarungan ang mamamayan sa pagsasamantala at pang-aapi ni Cojuangco at ng kanyang mga kasapakat. Determinadong biguin ng rebolusyonaryong kilusan ang Oplan Makabayan tulad ng pagbigo nito sa mga nakaraang Oplan Lambat Bitag sa Negros. Bilang tugon ng Partido at BHB sa daing na ito ng mamamayan sa isla, ipinanawagan ang pagpapaigting ng armadong rebolusyon sa Negros bilang tanging solusyon upang wakasan ang makapangyarihang kontrol ng pangkating Cojuangco, biguin ang Oplan Makabayan at palayain ang mamamayan mula sa pagsasamantala at pang-aapi. AB



Pananalanta ng pasistang estado

magsasakang mahigpit na lumalaban sa plano ng Fil-Estate Development and Realty Corp. at Manila South-coast Development Corp. na gawing Harbortown Golf Course and Marinas ang 8,650-ektaryang asyenda.

Sa Oriental Mindoro. Pitong sibilyan ang minasaker ng dalawang lasing na sundalo ng 49th IB nitong Abril 6 sa Barangay San Isidro, Victoria. Dahil sa tindi ng galit ng mamamayan dito at sa iba pang paglabag ng 49th IB sa mga kapatang-tao, napilitan ang rehimen na alisin ang abusadong yunit sa Mindoro.

Sa Albay. Walong maralitang-lunsod ang nasaktan nang marahas na binuwag ng bayarang demolition team at pulisya ang kanilang mga tahanan noong Marso 16 sa Barangay Kapantawan, Lunsod ng Legazpi. Panglawang tangka na ang demolisyong ito dahil napigil ng barikada ng mga residente ng barangay ang unang tangka.

Sa Leyte. Tatlong kabataan at dalawang bata na diumano'y mga Pulang mandirigma ang pinaulanan ng bala ng mga tropa ng 82nd Reconnaissance Company sa Sityo Bugho, San Isidro, Caligharan, Leyte nitong Abril 3. Malubhang nasugatan sa naturang pamamaril sina Jean Ann, 4; Jennifer, 2; Joseph, 17; Nilo, 20; at Joey, 25. Ibayong ligalig ang idinulot ng mga sundalo sa mga sugatan nang umali-aligid pa ang mga tropa sa ospital na pinagdalhan sa kabataan.

Nitong Marso 12, kinubkob at walang-pakundangan ding pinagbabaril ng mga tropa ng 43rd IB ang isang bahay sa Bontoc, Southern Leyte. Nasawi ang mandirigmang si Aniceto

Cruz, ang kanyang asawang si Angela, ang kanilang 13-taong gulang na anak na si Sarah at dalawa pang babae.

Nasugatan sa kubkob ng mga berdugo si Edfu, 12-taong gulang na anak ng mag-asawang dela Cruz. Bilang patunay ng kawalang pagsasa-alang-alang ng rehimen sa kanyang mga karapatan bilang bata, dinakip ng mga

sundalo si Edfu at sinampaahan ng kasong iligal na pag-iingat ng armas. Pilit ding pina-hawakan ng militar si Edfu sa Department of Social Welfare and De-

velopment sa kabilang kahilingan ng kanyang lola na ilipat ang bata sa pangangalaga niya upang makapiling ni Edfu ang kanyang mga kapatid at iba pang kamag-anak. Gaya ng ginagawa ng pasistang gubyerno sa ibang batang nadadakip, ginagamit si Edfu sa kontra-rebolusyonaryong propaganda nito.

Sa Mindanao. Mahigit nang 100,000 mamamayan ang napilitang lumikas sa mga prubinsya ng Maguindanao, Lanao del Norte at Lanao del Sur bunga ng todo-largang pananalakay ng brig-a-brigadang tropa ng AFP at pulisya laban sa Moro Islamic Liberation Front (MILF). Ito ay sa kabilang kasunduang tigil-putukan ng magkabilang panig.

Sa iba pang dako ng Mindanao, patuloy ding nililugalig ng reaksyunaryong hukbo ang mamamayan sa pagsusulong ng kontra-rebolusyon.




Noong unang linggo ng Marso, 63 magsasaka, kabilang ang mga lumad, tatlong buntis, 14 na bata at anim na

sanggol ang pwersahang pinalayas ng 403rd Infantry Brigade sa Sityo Kalut, Barangay Sta. Filomena. Napilitan ang mga magsasakang iwan ang kanilang aanihing mais at gulay at mga alagang hayop dahil dito. Pagkatapos, pinalabas ng 403rd Infantry Brigade na matagumpay nilang nireyd ang isang kampo ng BHB.

Di bababa sa pito sa mga lumikas ang marahas na dinakip ng mga sundalo, dinala sa detatsment, pinapirma sa blangkong papel, kinunan ng litrato at inutusang magpakita sa detatsment bawat buwan. Kapanigdaka'y naglabas ng ulat-militar ang AFP na ang naturang mga magsasaka'y mga sumukong mandirigma.

Noong Pebrero 17, tinambakan ng 40 tropa ng 30th Special Forces ng Philippine Army ang Sityo Limot, isang komunidad ng mga lumad sa Barangay Tigbawan, Baganga, Davao Oriental. Pinaratangan ng mga tropang militar na pawang mga myembro ng BHB ang mga residente ng Sityo Limot. Nauna rito, 26 na residente ng Baganga ang pinaratangan din ng mga pasistang sundalo bilang mga Pulang mandirigma. Labinlima sa kanila, kabilang ang dalawang batang nag-eedad 10 at 12 ang tinutukan ng baril, pinaghubbud at pwersahang tinuli.

Noong Pebrero 7, dalawang Pulang mandirigma ang pinugutan ng ulo at sinunog ng isang CAFGU sa harap mismo ng mga minoryang Talaandig sa Katalawan, Kabanglasan, Bukidnon. Bahagi ito ng kampagna ng militar na pigilin ang mga lumad sa pagtulong o pagsanib sa rebolusyonaryong kilusan. ■



BALITA BALITA BALITA BALITA BALITA BALITA

12 KAAWAY, PATAY SA AMBUS SA BOHOL

Walong sundalo ng Philippine Army at apat na myembro ng CAFGU ang napatay nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa Sta. Catalina, Sagbayan, Bohol nitong Marso 2. Kabilang sa napatay si 2Lt. Socrates Que, lider ng grupo. Tatlong kaaway din ang nasugatan sa naturang ambus. Nasamsam sa ambus na ito ang 14 na matataas na kalibreng armas.

Ang mga inambus na sundalo ay kabilang sa 7th Special Forces Unit na nakabase sa Sityo Kalubihan, Poblacion, Sagbayan. Ang yunit na ito ay aktibo sa paglulunsad ng mga *search and destroy operation* sa kabundukan ng Sagbayan at mga karatig bayan nito.

16 ARMAS, NASAMSAM SA REYD SA CEBU

Labing-anim na baril, kabilang ang pitong M16, ang nakumpiska nang salakayin ng BHB ang istasyon ng pulis at munisipyo sa bayan ng Sogod, Cebu nitong Abril 27 bandang ika-8 ng umaga. Nasamsam din sa reyd ang isang *two-way base radio*.

Layunin din ng mga Pulang mandirigma na arrestuhin ang alkalde ng Sogod na si Thaddeus Durano, subalit hindi ito inabutuan sa kanyang upisina. Si Durano, isang pusakal na pasista at kronikong yumaong diktador na si Mar-

cos, ang responsable sa pagdukot at pagpatay kina Fr. Rudy Romano at Noli Ylagan noong 1985 at iba pang mga militanteng manggagawa at magsasaka.

BERDUGO NI MACLI-ING DULAG, PINARUSAHAN NG BHB

Pinarusahan ng BHB sa ilalim ng Josefino Corpuz Command ang dating *major* ng Philippine Army na si Leodegario Adalem nitong Abril 11, ika-11 ng umaga sa tapat ng pamprubinskyang upisina ng National Irrigation Administration sa Lunsod ng Tarlac.

Si Adalem na kabilang sa PMA Class ng 1975 ang pumaslang noong Abril 24, 1980 kay Macli-ing Dulag, lider ng isang tribu ng mga Ifugao na lumaban sa Cellophil Resources at sa proyektong dam sa Ilog Chico.

Ayon kay Jose Agtalon, tagapagsalita ng Josefino Corpuz Command, si Adalem ay lider din ng isang sindikatong sangkot sa iligal na sugal, droga at pagbebenta ng baril sa Gitnang Luzon.

Pinarusahan din ng BHB si Tomas Pangilinan, isang ahente ng National Bureau of Investigation at kasabwat ni Adalem sa mga kriminal na aktibidad.

Sa kaugnay na balita, dalawang sundalo naman ng 70th IB ang napatay ng BHB sa isang ambus noong Marso 15 sa Baler, Aurora.

PULIS, INAMBUS SA QUEZON

Isang pulis ang napatay at pito ang nasugatan sa isang ambus na inilunsad ng BHB nitong Abril 16, bandang 2:30 ng hapon sa Barangay Magsikap, General Nakar, Quezon. Kabilang sa mga nasugatan ang dalawang upisyal na sina P/Insp. Jesse Batag at P/Insp. Dominic Bacay. Ang dalawang tim ng Special Action Forces at Regional Mobile Group ng Philippine National Police ay nagpapatrulya sa nasabing baryo nang sila'y tambangan ng mga Pulang mandirigma.

MALAWAKANG TRANSPORT STRIKE, TAGUMPAY

Isang matagumpay na *transport strike* ang isinagawa ng mga militanteng drayber ng dyip nitong Marso 30 sa iba't ibang dako ng bansa. Pinangunahan ito ng Pinag-isang Samahan ng mga Tsuper at Operatoryor Nationwide (Piston) at Kilusang Mayo Uno.

Lumahok sa naturang akisyong masa ang mga makabayang tsuper, mga manggagawa at iba pang progresibong sektor at grupo mula sa iba't ibang bayan, malalaking lunsod at prubinsya. Mariin nilang tinutulan ang walang tigil na pagtataas sa presyo ng langis at ang kontra-mamamayang *road users' tax*. Tinuligsa rin ng mamamayan sa naturang pagkilos ang pagtatanggol ni Estrada sa interes ng

BALITA BALITA BALITA BALITA BALITA BALITA

kartel ng langis at ang pagbibingi-
bingihan nito sa kahilingan ng
mamamayang irolbak ang presyo
ng langis, ibasura ang batas sa
deregulasyon, lansagin ang kartel
at isabansa ang industriya ng langis.

Naparalisa ang transpor-
tasyon sa Bulacan (90%); Pam-
panga (100%); Tarlac (95%);
Bataan (100%); Laguna (Ca-
lamba, 95% at Lunsod ng San
Pablo, 90%); Cavite (74%); Albay
(99%); Sorsogon (100%); Ca-
marines Sur (100%); Lunsod ng
Bacolod (100%); Negros Oc-
cidental (98%); Negros Oriental
(98%); Cebu (100%); Lunsod ng
Tagbilaran (100%); Lunsod ng
Butuan (90%); Lunsod ng Cagayan
de Oro (90%); Lunsod ng Davao
(98%); Kidapawan (100%); Co-
tabato (95%); Mati (98%); Lun-
sod ng Tagum (99%); Digos
(100%); Lunsod ng General
Santos (100%); at sa mga mayor
na ruta ng dyip sa Metro Manila
(85%).

3 SUNDALO, PATAY SA AMBUS SA CAGAYAN

Tatlong sundalo ng 41st IB ang
napatay at isa ang nasugatan nang
tambangan sila ng BHB sa Sityo
Iligan, Barangay Iluru, Rizal,
Cagayan nitong Marso 20. Lulan
sila ng isang dyip papunta sa
kabayanan ng Rizal nang tam-
bangan ng mga Pulang mandirigma.
Nasamsam mula sa ambus ang mga

M16 ng mga sundalo.

Maraming utang na dugo ang
41st IB sa mamamayan at re-
bolusyonaryong kilusan sa hang-
ganang Apayao at Cagayan.

DALAWANG PULIS SA NORTHERN SAMAR, DINISARMAHAN

Apat na M16, isang .45, 12
maiikling magasin at apat na
uniformeng pampulis ang nakum-
piska ng BHB sa isang walang
putok na reyd na inilunsad sa
Barangay Botong, Lapinig, North-
ern Samar noong unang linggo ng
Marso.

Pinaligiran ng mga Pulang
mandirigmang nagpanggap na mga
sundalo ang tahanan nina PO1
Elias Labaca at PO1 Antonio
Boses. Agad na isinuko ng dala-
wang pulis sa BHB ang kanilang
mga armas at iba pang kagamitan.

KABABAIHAN, LUMAHOK SA DIGMANG BAYAN!—MAKIBAKA

“Panahon na upang ang mala-
king bilang ng kababaihan, laluna
yaong mga nagmula sa uring
manggagawa at magsasaka, ay
sumapi sa Bagong Hukbong Ba-
yan”. Ito ang naging pana-wagan
ng Makabayang Kilusan ng
Bagong Kababaihan (MAKI-
BAKA) sa paggunita nito ng
Pandaigdigang Araw ng Ka-
babaihang Anakpawis nitong

Marso 8.

Anang MAKIBAKA, kaila-
ngang pawiin ng kababaihan ang
kaisipan na sila ay mahina. “Hindi
tayo mga libangan o mga para-
usan lamang tulad ng pagturing ni
Estrada sa kababaihan,” anang
MAKIBAKA. Iginiit ng orga-
nisasyon na “tulad ng kalalakihan,
may kakayahan ang kababaihan
na humawak ng armas upang
ibagsak ang reaksyunaryong
gubyerno”. Tinukoy ng MAKI-
BAKA na sa iba’t ibang dako ng
kapuluan, sumusulong at lumalaban
ang kababaihan—sa pamamagitan ng pakikidigmang gerilya
o sa mga welga, rali, barikada at
iba pang anyo ng aksyong pro-
testa.

Sa kasalukuyan, anang MA-
KIBAKA, kumakapal ang hanay
ng kababaihan na nakikiisa sa
panawagang patalsikin o piliting
magbitiw ang rehimene. Subalit
inilinaw din nito na hindi kusang-
loob na isusuko ng rehimeng US-
Estrada ang poder nito o maki-
kinig sa gayong panawagan.
Bagkus ay lalong magpapakawala
ito ng mararahas na pasistang
atake. Alinsunod rito, nanawagan
din ang MAKIBAKA para sa
pagbubuo ng isang kilusang lihim
sa kalunsuran na may sapat na
lawak at sinsin at itatayo sa mga
pabrika, komunidad, paaralan,
pribadong kumpanya, ahensya ng
gubyerno, ospital, simbahan at iba
pang lugar.